



Ang Pag-aangkin ng Diyos sa Iyong Katawan

Leksyon 25

1. Si Jesus ay naparito upang tayo ay magkaroon ng buhay, at magkaroon nito paano?

Juan 10:10 _____

2. Sa anong apat na mga paraan lumago si Jesus?

Lucas 2:52 _____

“At pakabanalin kayong lubos ng Dios din ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagparito ng ating Panginoong Jesucristo.” 1 Tesalonica 5: 23

3. Gaano kahalaga sa Diyos ang ating pisikal na kalusugan?

3 Juan 2 _____

4. Anong katampatang pagsamba ang hinihingi sa atin ng Diyos?

Roma 12:1 _____

5. Bakit ang Diyos nagmamalasakit sa ating mga katawan?

1 Corinto 3:16 _____

6. Ano ang mangyayari sa taong inaabuso ang kanyang katawan?

1 Corinto 3:17 _____

7. Bilang isang mahalagang sangkap sa pagsasauli sa tao, paano ginamit ni Adan ang kaniyang panahon?

Genesis 3:23 _____

Ang pisikal na ehersisyo ay isang dakilang pagpapala sa tao, na nag pisikal, mental, at espirtual na kalusugan.

8. Ano ang mabuti bilang kagamutan?

Kawikaan 17:22 _____

9. Ano ang hiningi sa atin ng Diyos na gawin para iba na pakikinabangan ng ating sariling kalusugan?

Isaias 58:7-8 _____

10. Ano ang dapat maging gabay sa ating pagkain?

1 Corinto 10:31 _____

11. Ano ang original na pagkain ng tao?

Genesis 1:29 _____

12. Sa pagkaing iyon, gaano katagal nabuhay si Adan?

Genesis 5:5 _____

13. Sa ilang mga salinlahi, gaano katagal nabuhay ang tao?

Genesis 5:8 - Seth _____

Genesis 5:11 - Enos _____

Genesis 5:14 - Cainan _____

Genesis 5:17 - Mahalaleel _____

Genesis 5:20 - Jared _____

Genesis 5:27 – Matusalem _____

14. Pagkatapos ng baha, ano ang idinagdag sa pagkain ng tao?

Genesis 9:3 _____

15. Ano kaagad ang nangyari sa haba ng buhay ng tao?

Genesis 11:10-11 _____

16. Pagkatapos ng ilang mga salinlahi, gaano katagal nabuhay ang tao?

Genesis 11:32 _____

17. Ang Diyos ay nagbigay ng pahintulot sa ano lamang uri ng mga hayop upang makain?

Levitico 11:2-3 _____

18. Ang mga karumaldumal na mga hayop tulad ng ano, ang ibinagbawal?

Levitico 11:7 _____

Ang mga karumaldumal na hayop ay ipinaliwanag sa Levitico 11 at Deuteronomio 14. Ang malalaking mga hayop na may hati ang paa, o hindi ngumunguya, ay karumaldumal. Ang mga pagkaing dagat na “walang kaliskis at palikpik” ay karumaldumal. Ang mga ibong nandadagit at ilang uri ng mga ibon ay karumaldumal. At gayun din ang napakaraming maliliit na mga hayop tulad ng mga bubwit, mga daga, mga butiki, at mga suso.

19. Kanino original na ginawa ng Diyos ang pagkakaiba sa pagitan ng malilinis at karumaldumal na mga hayop?

Genesis 7:1-2 _____

Ito ay matagal pa bago magkaroon ng Judio. Hindi lamang mga Israelita ang maaring mapapahamak sa pagkain ng mga hindi masusustansiyang mga bagay.

Ilan sa mga karamdamang malimit isama sa karne ng baboy, kabilang dito ang trichinosis, toxoplasmosis, salmonella, tapeworms, at undulant fever. Ang mga Kristiyanong kumikilalang ang kanilang mga katawan ay templo ng Banal na Espiritu ay hindi durumihan ang kanilang mga sarili ng anumang hindi makapag-bibigay galang sa Diyos.

20. Sa pagdating ni Jesus, Kanyang wawasaking magkakasama silang mga kumakain ng anong tatlong mga bagay?

Isaias 66:15-17 _____

21. Hindi kailanman ipinahintulot ng Diyos sa tao na kumain ng laman na may ano?

Deuteronomio 12:23-25 _____

Katulad ng pagbabawal laban sa pagkain ng mga karumaldumal na mga hayop, ang pagbabawal sa pagkain ng dugo ay hindi lamang para sa mga Judio. Ito ay pumapanahon pa sa pinaka-simula ng pagkain ng laman, daang mga taon bago pa magkaroon ng isang Judio (tingnan ang Genesis 9:4). Kahit ang mga Gentil na tumanggap sa Panginoon ay pinaiiwas sa pagkain ng dugo (tingnan ang Levitico 17: 10-15). At ang pagbabawal ay nagpapatuloy kahit sa Bagong Tipang mga Kristiyano (tingnan ang Gawa 15: 20).

22. Anong dalawang mga produktong mula sa hayop ang kailanmang hindi dapat kainin?

Levitico 3:17 _____

“Sa ngayon kilalang kilala na ang pagkain ng taba ay ang pangunahing sanhi ng sakit sa puso, strokes, diabetes, katabaan, at ilang uri ng mga cancer – ang pangunahing mga mamatay- tao sa mga lipunang Kanluranin. Ang taba ng hayop, sadyang buo ay talagang napakasama.

23. Ipinangako ng Diyos na bubusugin ang ating mga bibig ng ano?

Awit 103:5 _____

24. Ano ang ipinasiyahan ni Daniel sa kaniyang puso?

Daniel 1:8 _____

25. Ano ang hiniling niya at ng mga kaibigan niya upang kainin at inumin?

Daniel 1:12 _____

Ang mga butil ay pagkaing gulay. Parami ng paraming mga tao ngayon ang natututo na ang pinaka- mabuting pagkain ay ang tanging original na ibinigay ng Diyos sa tao sa kanyang pagkalalang.

26. Ano ang nagawa ng pagkaing ito sa kanila?

Daniel 1:15 _____

27. Ano pang mga karagdagang benepisyo ang ibinigay ng Diyos sa kanila?

Daniel 1:17 _____

28. Sa pagkilala na ang lahat ng mga pagkakasakit sa paligid natin, bakit naglagay ang Diyos ng tiyak na mga pagbabawal sa ating pamumuhay?

Deuteronomio 6:24 _____

29. Ano ang nais ng Diyos gawin para sa atin?

Deuteronomio 7:15 _____

“At inyong paglilingkuran ang Panginoon ninyong Dios, at kaniyang babasbasan ang iyong tinapay at ang iyong tubig; at aking aalisin ang sakit sa gitna mo.” Exodo 23: 25

30. Kapag nilalabag ng mga tao ang mga batas ng kalusugan, anong ibang diyos ang kanilang pinaglilingkuran?

Roma 16:18 _____

31. Ano ang kanilang magiging wakas?

Filipos 3:19 _____

32. Ang bawa't tao na nakikipaglaban sa mga palaruan ay ano?

1 Corinto 9:25 _____

33. Ano ang sinabi ni Pablo na mangyayari sa kanya kung hindi niya susupilin ang kanyang katawan?

1 Corinto 9:27 _____

Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....

O Kinikilala kong hinihingi ng Diyos sa akin ang lahat ng aking magagawa upang ingatan ang aking isip at katawan, na pag-aari Niya, sa pinaka-mabuting kondisyon.

O Pinili kong luwalhatiin ang Diyos sa aking katawan sa pagkain ng mga bagay na makapag-papalusog, at sa pag-iwas sa lahat ng makapamiminsala dito.

Karagdagang mga puna: _____

Pangalan: _____

Susunod na Leksyon: *Ang Kristiyano at ang Sanlibutan*